Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION VII – CENTRAL VISAYAS
**Division of City Schools – Tagbilaran City**

**Office of the Schools Division Superintendent**

DIVISION MEMORANDUM
No. 286 , s. 2022

Agosto 5, 2022

## ORAL READING VERIFICATION TEST NG ASIGNATURANG FILIPINO

Para sa mga : Punongguro ng mga Paaralang Pampublikong Sekundarya

1. Ang Tanggapang ito sa pamamagitan ng Dibisyon na Nangangasiwa ng Kurikulum ay nagpapatupad ng Oral Reading Verification Test (ORVT) para sa mga mag-aaral ng Baitang 7-10.

2. Ang layunin ng gawain ay ang pagtukoy sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral upang mapaunlad ang kasanayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na interbensiyon ng mga guro.

3. Ang Paunang Pagsubok (Pre-test) ay isasagawa sa buwan ng Agosto hanggang Setyembre habang ang Panapos na Pagsubok ay sa Abril-Mayo sa taon ng pasukan.

4. Kalakip nito ay ang template para sa talaan ng resulta at mga kasangkapan sa pagbabasa na inihanda ng mga guro sa paaralan.

   Baitang 7 - Mansasa National High School, San Isidro National High School
   Baitang 8 - DCPNHS
   Baitang 9 - Manga national High School, Cogon Evening Class
   Baitang 10 - Tagbilaran City Science High School

5. Inaasahan ang bawat paaralan na magsubmite ng ulat gamit ang kalakip na template.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap nito.


**JOSEPH IRWIN A. LAGURA PhD**
Schools Division Superintendent
Office of the Schools Division Superintendent

SDS/ASDS/OFFICE/INITIALS OF THE HEAD/initials of the encoder

Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
Schools City Division – Tagbilaran City
Baitang 7

Pangalan: ______________________________ Petsa: ____________ Iskor:__________

**Pagbasa:**



**Talambuhay ni Benigno Aquino Jr.**

Si Benigno Aquino, Jr., o kilalang si Ninoy Aquino, ay ipinanganak noong Nobyembre 27, 1932 sa Concepcion, Tarlac. Kumuha siya ng Law sa Unibersidad ng Pilipinas ngunit tumigil siya at sa halip ay kumuha siya ng Journalism. Pinakasalan niya si Corazon Aquino at nagkaroon sila ng limang anak. Siya ay naging alkalde ng Concepcion, Tarlac, at pinakabatang bise-gobernador ng Tarlac. Sa edad na 34, nahalal siya bilang senador.

Siya ay naging mahigpit na kritiko ni Pangulong Marcos at ng asawa nitong si Imelda Marcos. Kilala siyang kalaban ni Pangulong Marcos tuwing halalan. Nang ideklara ang Martial Law, si Benigno Aquino ang isa sa mga unang dinampot ng militar upang ikulong.

Noong 1980, siya ay inatake sa puso at kinailangang operahan. Pinayagan siya ni Imelda Marcos na lumabas ng bansa para magpagamot sa kundisyong siya ay babalik at hindi magsasalita laban sa pamahalaan ni Marcos. Si Aquino ay namalagi sa Estados Unidos ng tatlong taon.

Dahil sa balitang lumalalang sakit ni Pangulong Marcos, ipinasya ni Aquino na umuwi upang bigyan ng pag-asa ang mga taong naghahangad ng pagbabago sa pamahalaan.

Noong Agosto 21, 1983, bumalik siya sa Maynila subalit sa paliparan pa lang ay binaril siya sa ulo. Ang libing ni Ninoy Aquino ay nagsimula ng ika-9 ng umaga hanggang ika-9 ng gabi. Mahigit dalawang milyong tao ang nag- abang sa pagdaan ng karosa ng kabaong ni Ninoy papunta sa Manila Memorial Park.

Bilang ng mga salita: 232

Sanggunian: http://tagalog-translator.blogspot.com/2008/08/talambuhay-ni-benigno-aquino-jr.html

**Basahing mabuti ang mga tanong at piliin ang tamang sagot. Isulat ang titik lamang.**

**1. Saan ipinanganak si Ninoy Aquino?**
A. Camiling, Tarlac
B. Capas, Tarlac
C. Concepcion, Tarlac
D. Tarlac, Tarlac

**2. Alin sa sumusunod ang naging posisyon sa pamahalaan ni Ninoy Aquino?**
A. alkalde, bise-gobernador, senador
B. bise-alkalde, konsehal, pangulo
C. konsehal, kongresista, gobernador
D. presidente, bise-presidente, senador

**3. Bakit kaya marami ang nakiramay sa kamatayan ni Ninoy Aquino?**
A. Gusto ng mga taong makakita ng mga pulitiko.
B. Isa siyang batang senador.
C. Naawa sila sa pamilya ni Aquino.
D. Pagmamahal sa bayan ang ipinakita niya.

**4. Ano ang damdamin na iniwan ni Ninoy Aquino sa mga Pilipino?**
A. kasabikan
B. pag-asa
C. pagkatakot
D. pagkatalo

**5. Bakit kaya ipinadampot si Ninoy Aquino noong martial law?**
A. Bawal kalabanin ang pangulo noong Martial Law.
B. May galit si Marcos sa pamilya ni Aquino.
C. May inaway na alcalde si Ninoy Aquino.
D. Nahuli si Aquino na nagnanakaw sa pamahalaan.

**6. Sinabi sa talata na si Ninoy Aquino ang mahigpit na kritiko ni Pangulong Marcos. Ano ang ginagawa ng isang kritiko?**
A. nag-iisip ng paghiganti
B. nagpapaplano ng ganti
C. nagsasabi ng mga puna
D. nakikipag-away

**7. Kumpletuhin ang tanyag na pahayag ni Ninoy Aquino. "Ang mamatay para sa Filipino ay ____________".**
A. magalang
B. makabayan
C. makabuluhan
D. mapagtiis

**8. Maraming suliranin ang hinaharap ng ating bansa, tulad ni Sen. Ninoy Aquino lumalaban siya sa isang diktador. Bilang isang kabataan sa makabagong henerasyon, paano ka makatulong upang lutasin ang mga ito?**
A. Magbulagbulagan sa mga pangyayari sa paligid
B. Maging tahimik na lamang.
C. Makilahok sa mga programa sa pamahalaan..
D. Sasali sa mga rally

Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
Schools City Division – Tagbilaran City
Baitang 8

Pangalan: ______________________________ Petsa:____________
Iskor:__________

**Pagbasa:** 

## Ang Alkansya ni Boyet

Mahirap lamang ang pamilya ni Boyet. Ang ama niyang si Mang Delfin ay isang magsasaka subalit walang sariling lupa. Inuupahan lamang nito ang tinatamnan ng palay. Ang ina naman niyang si Aling Pacing ay simpleng maybahay lamang.

Sampung taon na si Boyet. Siya ang panganay sa kanilang apat na magkakapatid. Sa pasukan ay nasa ika-apat na baitang na siya ng mababang paaralan.

Kapag ganitong bakasyon ay sinasamantala ni Boyet ang pagkakataon. Gumagawa siya ng alkansiyang kawayan. Panahon ng pamumunga ng bungangkahoy sa kanilang bakuran, dahil maluwang ang kanilang bakuran ay maraming punong namumunga.

Pinipitas nila ng kanyang inay ang ay mga bunga at itinitinda iyon sa palengke.

Mabili ang kanilang mga tindang prutas. Kapag nakaubos sila ng paninda ay agad siyang binibigyan ng pera sa kanyang inay.

"Salamat po, inay. Mayroon na naman akong panghulog sa aking alkansiya." masayang sabi ni Boyet.

"Hayaan mo anak, bago siguro maubos ang mga bunga ng ating mga puno ay mapupuno na ang alkansiya mo," sabi ng kanyang inay.

Napuno nga ang alkansiya ni Boyet. Masipag kasi siyang mag-ipon.

Nang malapit na ang pasukan ay nagkaroon ng malakas na bagyo at nasira ang mga tanim na palay ng tatay ni Boyet. Kakaunti lang ang kanilang inani. Nagkautang ang kanyang itay. Nag-alala naman ang inay ni Boyet.

Malapit na ang pasukan at nawala ang inaasahan nilang panggagalingan ng pera.

"Baka hindi ka makapag-aral ngayong taong ito, anak," malungkot na sabi ng kanyang inay.

"Nasira ang mga pananim natin dahil sa bagyo at may utang pa tayo."

"Makakapag-aral po ako, inay. Puno na po ang alkansiya ko. Ito ang gagamitin ko sa aking pag-aaral," nakangiting sabi ni Boyet.

Nakapag-aral si Boyet ng pasukang iyon. Salamat at naisipan niyang mag-impok para sa darating na pangangailangan.

PANUTO: PILIIN ANG TAMANG SAGOT.

1. Ano ang hanapbuhay ng ama ni Boyet?
   a. mangingisda b. magsasaka c. mangangaso d. nagtitinda
2. " **Maluwang** ang kanilang bakuran kaya maraming puno ang namumunga."
   Ang salitang sinalungguhitan ay nangangahulugan na _______________.
   a. masikip b. malawak c. maaliwalas d. mahangin
3. " Salamat po, Inay. Mayroon naman akong panghulog sa aking alkansiya," masayang sabi ni Boyet. Sa pahayag na ito,anong katangian ang ipinapakita ni Boyet?
   a. maalalahanin b. matulungin c. mapag-impok d. masunurin
4. Anong pangyayari ang HINDI inaasahan ng pamilya ni Boyet?
   a. nagkasakit ang kanyang ama
   c. nagkautang ang kanyang tatay
   b. nahinto siya sa pag-aaral
   d. nagkaroon nang malakas na bagyo
5. Alin ang lubos na inalala ng inay ni Boyet nang nagkaroon ng bagyo?
   a. baka magkaroon sila nang malaking utang
   b. baka hindi siya makapag-aral
   c. nasira ang mga pananim nila
   d. kakaunti lang ang kanilang ani
6. Paano mo mailarawan ang pamilya ni Boyet?
   a. Mahirap at magulo ang kanyang pamilya
   b. Masipag at matipid kaya yumaman
   c. Mahirap ngunit masaya
   d. Mahirap ngunit nagkakaisa at masayang nagusumikap
7. Paano nakatulong kay Boyet ang kanyang pag-iimpok?
   a. nakabili siya ng mga bagay na gusto niya
   b. nakatutulong siya sa kanyang mga magulang.
   c. nabayaran niya ang utang ng kanyang ama
   d. nakapag-aral siya sa pasukang iyon
8. Anong aral ang natutuhan mo sa kuwentong binasa?
   a. Matalino ang taong iniisip at pinaghahandaan ang bukas na darating.
   b. Ang tulong na kailangan mo sa oras ng kagipitan ay kadalasang nakukuha sa mga taong hindi inaasahan
   c. Makakamit lamang ng tao ang bunga ng magandang buhay kung siya ay masipag, may dedikasyon, at disiplina
   d. Ang buhay ng tao ay sadyang pabago-bago walang nakababatid maliban sa Diyos

Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
Schools City Division – Tagbilaran City
Baitang 9

Pangalan: ______________________________ Petsa: ____________
Iskor:____________

**Pagbasa:**

**KAY AMA**

Emelita Perez Baes

Nagising nga akong tila nangangarap na isang anino
Sa maputing tabing ng aming kahapong nilikha ng tao;
Sa pagkakawalay sa isang magulang ay waring natuto
Nahawi ang ulap na nagbigay silim sa kanyang talino

Siya'y naparuol walang abug-abog sa rugtong ng tali
Ang kinahinatnan ay signos ng ulap ng panunubali
Kanyang kaluluwa nakitalamitam sa dilim ng tangi
Ay nakipanaghoy sa luha ng anghel habang naagmumuni

Kay lungkot isipin ang gayong kasaklap na pagkakalayo
Na kung gunitain pati hininga ko ay halos mapugto;
At pati ang langit ng bagong umaga'y waring nagdurugo
At ang dapithapon kung pagmamasdan ko ay naghihingalo

Haplos ng pag-ibig ang naiwan niya sa supling ng puso,
Kanyang inulila'y may bakat ng luhang sa pisngi dumapo
Kay Ina ang buhay ay ibayong saklap sa pagkasiphayo
At may nakalaang tiising pasanin sa kanya'y titimo

Ngayon kung babalik sa pinag-iwanang lubid na putol,
Dadamhi'y pangako sa luksang pangarap na tinatalunton;
Tataas ang mukha't lalong kikisig pa sa taglay na suot
At damdaming ama'y hahanga ngang lubos sa sariling hinlog!

Mga Tanong:

1. Tungkol saan ang binasang tula?
   A. Ang pagmamahal ng isang kapatid sa kanyang pamilya.
   B. Ang mga sakripisyo na inalay ng isang ama dahil sa pagmamahal para sa kanyang anak.
   C. Ang isang inang nagsusumamo para sa pagmamahal ng kanyang anak.
   D. Isang lalaking naghaharana sa kanyang inirog.
2. Ano ang tono o emosyon na naipapakita sa nasabing tula?
   A. Saya
   B. Inis
   C. Pagkalungkot
   D. Pagmamahal
3. Sa pahayag na "kanyang kaluluwang nakitalamitam sa dilim ng tangi", ang salitang nakitalamitam ay nangangahulugang__________.
   A. napalapit
   B. nakipaglaro
   C. nakipagduwelo
   D. nakipagkaibigan
4. Ano ang naiwan sa supling na puso?
   A. takot
   B. galit
   C. pangamba
   D. pag-ibig
5. Sino ang tinutukoy sa tula?
   A. Ina
   B. Ama
   C. Anak
   D. Kapatid
6. Bakit malungkot ang nagsasalita sa tula?
   A. Iniwanan siya ng kanyang iniirog.
   B. Inulila siya ng kanyang ama.
   C. Nakulong ang ama dahil sa hirap na dinaranas nila.
   D. Hindi siya nakapasok sa paaralan noong araw na iyon.
7. Anong uri ng sukat na nakikita sa nasabing tula?
   A. Wawaluhin
   B. Lalabing-animin
   C. Lalabindalawahin
   D. Lalabingwaluhin
8. Ano ang pinakaangkop na dahilan at isinulat ng may-akda ang tula?
   A. Hindi na sila nagkita.
   B. Nagkagalit sila ng kanyang ama.
   C. Nakipaghiwalay sila ng kanyang asawa.
   D. Nangungulila para sa pagmamahal ng kaniyang ama.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
Schools City Division – Tagbilaran City
Baitang 10

Pangalan: ______________________________ Petsa: ____________
Iskor:__________

**Pagbasa:** 

**Panuto:** Basahing mabuti at sagutin ang mga tanong.

1.
Walang kapalit
Sa pusong nakaukit,
Lahat ng saglit.

2.
Kapag nakita
Na may kasamang iba,
Nagseselos na.

3.
Mahaling tunay,
Kasintahan sa buhay,
Lahat ialay.

4.
Kahit bumagyo,
O lindol at delubyo,
Narito ako.

1. Paano nagkakatulad ang saknong ng tula?
   A. Bilang ng salita at linya
   B. Bilang ng salita lamang
   C. Pareho ang dami ng silaba
   D. Pareho ang kahulugan ng bawat linya

2. Anong paksa mayroon ang mga tulang iyong binasa?
   A. Pag-ibig sa Bayan
   B. Pag-ibig sa Kapwa
   C. Pag-ibig sa Katoto
   D. Pag-ibig sa Kasintahan

3. Kung ang isang tao ay nawawalan ng pag-asa dahil nabigo siya sa pag-ibig, paano mo siya matutulungan?
   A. Huwag siyang papansinin upang hindi ako maabala sa aking mga gawain.
   B. Papayuhan ko siya na kalimutan na lamang niya ang kanyang sinta at magmo-move on.
   C. Sabihin ko sa kanya na ganoon talaga ang pag-ibig minsan tunay ngunit hindi tinatadhana.
   D. Papayuhan ko siyang kausapin ang kanyang boyfriend/girlfriend nang masinsinan upang malalaman ang tunay na dahilan kung bakit kailangan silang magkahiwalay at pareho silang makapagmo-move on.

4. Sa unang tula, ano ang nais ipahiwatig nito?
   A. Nakatatak sa isipan ang mga alaala.
   B. Walang makakapantay sa tamis ng alala ng pag-ibig.
   C. Hindi na nabubura sa isipan ng mag-irog ang pinagsasamahan nila kahit ito'y saglit.
   D. Walang sinuman ang makapagpapalit sa puso na may tamis at tunay na pag-ibig.

5. Alin ang naglalarawan sa tula?
   A. May sukat na 5-7-5.
   B. Nagtataglay ng matatalinghagang salita.
   C. Ito ay anyo ng tula na naiiba sa ibang tula dahil maikli lamang.
   D. Binubuo ng labinpitong pantig at may tatlong taludturan na may sukat na 5-7-5.

6. Alin sa sumusunod ang nangingibabaw na kaisipan sa ikatlo at ikaapat na tula?
   A. Walang pinipiling panahon at lugar ang pag-ibig.
   B. Sinuman ang umiibig ay kinikitaan ng tunay na pag-ibig.
   C. Laging nakahanda sa lahat ng panahon ang nagmamahalan.
   D. Nakikitaan ng tunay na pagmamahal ang isang tao sa panahon ng mga pagsubok dahil dito masusubok kung gaano katatag ang iyong pagmamahalan sa isat-isa.

7. Ang pagseselos ba ay sukatan ng wagas at tunay na pag-ibig?
   A. Oo, talagang may pagmamahal siya sa kanyang katipan dahil nagseselos siya pag nakikitang may kasamang iba ang kanyang sinisinta.
   B. Hindi, dahil pwede naman na paselos-selos lang siya upang matakpan ang kanyang pagtataksil.
   C. Seguro, dahil bakit siya magseselos kung wala naman siyang pagmamahal.
   D. Hindi, dahil kung wagas at tunay ang iyong pag-ibig sa iyong sinisinta magkakaroon ka ng sapat na tiwala nito at hindi ka gagawa ng mga bagay na ikinalulungkot niya.

8. Alin sa sumusunod na mga pangungusap ang kakikitaan ng kahulugan ng matalinghagang pahayag na **nakaukit sa puso**?
   A. Nakaukit na sa aking puso ang pangalan ng aking iniirog.
   B. Ang pagmamahal sa pamilya ay nakaukit na sa puso ng bawat Pilipino.
   C. Nakatatak na sa aking puso ang mga matatamis na alala ng aking sinisinta.
   **D.** Laging nakadikit sa puso ng isang tao ang pagmamahal sa kanyang nobyo/nobya.

Inihanda ni:

**NORA L. SELOTERIO**
Teacher III-Manga NHS

ANSWER KEY

| ITEM NO. | GRADE 7 | GRADE 8 | GRADE 9 | GRADE 10 |
|---|---|---|---|---|
| 1 | C | B | B | A |
| 2 | A | B | D | D |
| 3 | D | C | D | D |
| 4 | B | D | D | D |
| 5 | B | B | B | D |
| 6 | C | D | C | D |
| 7 | C | D | D | D |
| 8 | C | A | D | C |

TEMPLATE

Para Sa Guro
Baitang : ________________ Seksyor Guro : ____________________

| Pangalan ng Mag-aaral | Mga Tanong<br><br>( Lagyan ng tsek (/) kapag tama ang sagot at ekis (x ) kapag mali | | | | | | | | Puntos |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |

Para sa Paaralan

Baitang : __________

| Seksyon | Enrolment | | | ANTAS NG PAG-UNAWA SA PAGBASA | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | M | F | T | May 7-8 na tamang Sagot (Excellent) | | | May 5-6 na tamang Sagot (Good ) | | | May 3-4 na tamang Sagot (Poor ) | | | May 1-2 na tamang Sagot ( No Cmprehension) | | | Walang Tamang Sagot ( Non-Reader | | |
| | | | | M | F | T | M | F | T | M | F | T | M | F | T | M | F | T |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| Kabuuan | | | | | | | | | | | | | | | | | | |

Baitang : __________

| Paaralan | Enrolment | | | ANTAS NG PAG-UNAWA SA PAGBASA | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | M | F | T | May 7-8 na tamang Sagot (Excellent) | | | May 5-6 na tamang Sagot (Good ) | | | May 3-4 na tamang Sagot (Poor ) | | | May 1-2 na tamang Sagot ( No Comprehension) | | | Walang Tamang Sagot ( Non-Reader | | |
| | | | | M | F | T | M | F | T | M | F | T | M | F | T | M | F | T |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| Kabuuan | | | | | | | | | | | | | | | | | | |